Pangalan:_______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:__________________ Petsa Nang Natapos:______________ Marka:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Ugnayan ng mga Tao sa Iba't Ibang Antas ng Sinaunang Lipunan**

**PANUTO**: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sa antas ng lipunan ng mga Bisaya noong unang panahon, sila ang mga taong nabibilang sa pinakamababang antas.
   a. datu
   b. maharlika
   c. oripon
   d. timawa

2. Ang mga pangungusap ay naglalarawan ng dahilan kung paano nagiging oripon o alipin ang isang tao sa sinaunang lipunan ng mga Bisaya maliban sa:
   a. Siya ay may sariling bahay at ari-arian.
   b. Siya ay ipinagbili ng kanilang kapamilya.
   c. Ang kaniyang mga magulang o isa sa magulang ay oripon din.
   d. Siya ay hindi nakabayad sa utang o nagbabayad ng utang sa pamamagitan ng pagsisilbi.

3. Ito ang tawag sa mga timawag o timawa na kinikilala sa kanilang husay at tapang sa labanan o digmaan.
   a. bagani
   b. bahandi
   c. binocot
   d. kadaotan

4. Sa sinaunang lipunan ng mga tagalog, sila ang itinuturing na pumapangalawa sa datu at katuwang nito tuwing mayroong digmaan.
   a. datu
   b. maharlika
   c. oripon
   d. timawa

5. Uri ng alipin sa sinaunang lipunan ng mga tagalog kung saan sila ay mismong nakatira sa bahay ng kanilang amo.
   a. aliping namamahay
   b. aliping saguiguilid
   c. binocot
   d. oripon

6. Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang antas ng lipunan ng sinaunang kabihasnan ng Bisaya at Tagalog?
   a. Ang datu ay nabibilang sa pinakamataas na antas ng lipunan.
   b. Ang mga alipin ay may kalayaang mamili ng kanilang pagsisilbihan.
   c. Kadangyan ang tawag sa mga taong nasa pinakamataas na antas ng lipunan.
   d. Mga maharlika ang mga namumuno sa sinaunang lipunan ng mga Bisaya at Tagalog.

7. Sa kanilang sinaunang lipunan, nakabatay sa lawak ng pagmamay-ari ng mga sakahan ang antas ng lipunan.
   a. Bisaya
   b. Ifugao
   c. Tagalog
   d. Wala sa nabanggit.

8. Sa sinaunang lipunan ng mga Ifugao, sila ang mga itinuturing na nasa pinakamababang lipunan.

a. bahandi
b. binocot
c. kadangyan
d. nawotwot

9. Sa sinaunang lipunan ng mga Ifugao, ang mga napapabilang sa antas kung saan nagmamay-ari lamang sila ng maliliit na sakahan at tinatawag na __________.

a. datu
b. kadangyan
c. nawotwot
d. tagu

10. Ito ang tawag sa pagsukat ng yaman ng isang datu sa sinaunang lipunan ng mga Bisaya.

a. bahandi
b. binocot
c. tagu
d. timawa